

# Ang Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan at ilang Publikasyon ng BAKAS, Inc.

**Reymar T. Yson**

**The National Teachers College**

**Ika – 8ng Abril, 2017**

**Para sa PROYEKTO.**

# Balangkas sa Talakayan:

- Panimula
- Paano ba natin natutunan at naituro ang Kasaysayan ng Pilipinas?
- Pantayong Pananaw at Bagong Historiograpiyang Pilipino
- Ang Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan at ilang Publikasyon ng BAKAS, Inc.
- Konklusyon

# Panimula:

- **Ang Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan ay hango sa mga saliksik at gawa ng BAKAS, Inc. na nakasalalay sa Pantayong Pananaw (PP) at isinisakatuparan bilang isang gawain ng Bagong Historiograpiyang Pilipino (BHP).[1] Sa pagtuturo mismo ukol sa Kapilipinuhan ay sinisikap ng BAKAS, Inc. na makaPilipino papanaw sa pag-aaral ng Agham Panlipunan.[2] Bibigyan linaw ng bahagya ang PP at BHP.**

# Paano ba natin natutunan at naituro ang Kasaysayan ng Pilipinas?


FERDINAND MAGELLANUS.


Isola de lobos
Prima ego velivolis ambivi cursibus Orbem,
Magellane novo te duce ducta freto.





LUCKY'S
GOLD BRICKS

# Ano ba talaga pagkakaintindi mo sa Kasaysayan?

## History = Kasaysayan ba lagi?

# History

- **History a chronological record of significant events (as affecting a nation or institution) often including an explanation of their causes.[3]**
- **History is the scientific study of the Past that affects the Present and determines the Future.[4]**


PANTAYONG PANANAW :
UGAT AT KABULUHAN
Pambungad sa Pag-aaral
ng Bagong Kasaysayan
Atoy Navarro
Mary Jane Rodriguez
Vicente Villan
mga patnugot

# Ayon kay Dok Zeus A. Salazar

- "*Kasaysayan*" ay ideya ng saysay, na ang ibig sabihin ay kapwa "salaysay" ("o Kuwento") at "katuturan," "kabuluhan." Kaya nga't ang paglalahad ng mga pangyayari (bagay na nangyari lumitaw/sumulpot na lamang) at kaganapan (bagay na naganap o naging ganap, buo o tapos na) ay isang "salaysay" o "saysay." Subalit ang "Kasaysayan" lamang…

- …ang "may saysay," sapagkat ito'y nakatuon sa mga pangyayaring at kaganapang "may Kasaysayan" - - ibig sabihin lipos ng "Kahulugan," "Katuturan," at "Kabuluhan." Samakatuwid, para sa atin noon man, at hanggang ngayon, ang Kasaysayan ay isang salaysay hinggil sa nakaraan o saan pa mang paksa na may saysay para sa sariling lipunan at Kultura… Mas importante ang dalawang tanong ng "kaninong nakaraan" at "para kanino isinasalaysay".[4]

- ***Salaysay na may saysay na sumasalamin sa bawat Pilipino.***


# Pantayong Pananaw at Bagong Historiograpiyang Pilipino

# PANTAYONG PANANAW

- "Ang buod ng pantayong pananaw ay nasa panloob na pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay-ugnay ng mga katangian, pag-aasal, at karanasan ng isang buong pangkalinangan – kabuuang nababalot sa, at ipinahahahayag sa pamamamagitan ng isang wika; ibig sabihin, sa loob ng isang nagsasariling talastasan/diskursong pangkalinangan o pangkabuhasnan."

# Dayagram II

**Pantayo vs Pangkami sa panahon nina Rizal at Bonifacio**



# II. Kahulugan ng "Pag-aaral ng Kasaysayan"



- "History is the study of the relevant past. It is the struggle of the Filipino people for freedom" (T. Agoncillo)
- "History is the history of the inarticulate" (R. Constantino)



# Dating Peryodisasyon

- Precolonial, Colonial, Postcolonial
- Prehistory, Spanish Era, American Era, Japanese Era, Commonwelt up to present
- PreSpanish, Spanish Period, American Period, Japanese Period, Commonwelt up to present



# Bagong Depenisyon ng Kasaysayan ayon kay Dr. Zeus A. Salazar

"Ang Kasaysayan ay salaysay ukol sa nakaraan/nakalipas na may saysay para sa sariling grupo na iniuulat sa sarili sa pamamagitan ng sariling wika."


**Sinasagot ng KASAYSAYAN ang mga tanong na**

- Ito ba ay may **saysay**?
- Kung may saysay, may saysay **para kanino**? **Kanino isinasalaysay**? Kung sa kapwa Pilipino isinasalaysay, **saang wika**?

**Mga elemento**

- Salaysay
- nakaraan o nakalipas
- may saysay
- sariling grupo
- iniuulat sa sarili
- sariling wika

**Saklaw ng Kasaysayan bilang "salaysay na may saysay"**




Salazar, 2006

# BUOD NG PANTAYONG PANANAW


- "Gumagamit ng mga konsepto at ugali na alam natin lahat ang kahulugan, ...pati ang relasyon ng mga kahulugang ito sa isa't isa. Ito ay nangyayari lamang kung iisa ang 'code'—ibig sabihin, may isang pangkabuuang pag-uugnay at pagkakaugnay ng mga kahulugan, kaisipan at ugali. Mahalaga (at pundamental pa nga) rito ang iisang wika." –Zeus Salazar

# HALAGA NG WIKA SA KULTURA

- “Sa ganitong pagkakaugnay ng wika at kultura, ang kulturang Pilipino, bilang natatanging pagkabuo ng isip, damdamin, ugali, kaalaman at karanasan ng katauhan ng bayang Pilipino, ay dapat lamang taglayin ng isang wikang nagpapaloob at nagpapahayag dito.”-Zeus Salazar

# Ang Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan at ilang Publikasyon ng BAKAS, Inc.

## Ang mas matibay na pagsasama ng Balangkas ng Kapilipinuhan sa mga publikasyon ng BAKAS, Inc.


Ika-10ng Pambansang
BAKAS Seminar-Workshop
KASAYSAYAN NG KAPILIPINUHAN:
Bagong Balangkas
Don Bosco Technical Institute, Makati
Abril 18-21, 2012
Itinataguyod ng BAKAS, Inc. at ng Don Bosco Technical Institute, Makati
Sa pakikipag-ugnay sa BAKAS, NHCP, NCCA, CHED, DepEd at Abiva Publishing House, Inc.


- **Pamayanan (h-k. 800,000/250,000 BK?–1588 MK)[5]**
- **Bayan (1588-1913)**
- **Bansa (1913-kasalukuyan)**

| **Unang Bahagi**<br>**PAMAYANAN**<br>**(H-K. 500,000/250,000 BK-1588 MK)** | **Ikalawang Bahagi**<br>**BAYAN**<br>**(1588-1913)** | **Ikatlong Bahagi**<br>**BANSA**<br>**(1913-Kasalukuyan)** |
|---|---|---|
| Panimula: Ang Pagkabuo ng mga Estadong Bayan | Panimula: Ang Pagkabuo ng Estadong Pangkapuluan | Panimula: Nasyon at Bayan sa Pagbubuo ng Bansa |
| I. Sicalac at Sicavay: Sinaunang Pilipino (h-k. 500,000/250,000 BK – h-k. 7,000/5,000 BK)<br>II. Ang mga Austronesyano sa Pilipinas (h-k. 7,000/5,000 BK – h-k. 800 BK)<br>III. Sinaunang Kabihasnang Pilipino (h-k. 800 – 1280 MK)<br>IV. Estadong Bayan sa Paglaganap ng Islam (h-k. 1280 – 1588)<br>V. Kabihasnang Pilipino sa Ika-16 na Dantaon | VI. Krisis ng Pamayanang Pilipino (1588-1663)<br>VII. Bayan, Pueblo at Ciudad: Bagong Pamayanan (1663-1745)<br>VIII. Batayan ng Pagkakaisa: Balik sa Estadong Bayan (1745-1807)<br>IX. Bayang Pilipino: Katutubo at Banyaga (1807-1861)<br>X. Bayan at *Nación* (1861-1913) | XI. Iisang Adhikang Kalayaan: Magkasalungat na Pagbubuklod (1913-1946)<br>XII. Estadong Nasyonal at ang Pagbubuong Bayan (1946-1972)<br>XIII. Paghahanap ng Kasarinlan: Lihis na Landasin (1972-1986)<br>XIV. Paghahanap ng Kasarinlan: Masalimuot na Pagtutuwid ng Landas (1972-2004) |
| Pagbubuod:<br>Kalinangan, Pamayanan at Sambayanan (Pagbuo ng Estadong Bayan o Etniko) | Pagbubuod:<br>Kalayaan at Kasarinlan | Pagbubuod: Nasyonalismo, Pagkamakabayan at Diwang Pambansa |


PAMAYANAN
(h-k. 500,000-250,000 BK - 1588 MK)
Ika-11ng Pambansang
BAKAS Seminar Workshop
Unang Yugto ng
Kasaysayan ng Kapilipinuhan
San Antonio de Padua College, Pila, Laguna
Abril 3-6, 2013

| h-k. 200 BK – 900 MK |
| --- |
| Pagbabagong Anyo at Pakikipag-ugnay |

*"ang tinatakdang petsa ng paglitaw ng bakal sa Pilipinas. Bagamat may ilang nagsasabing 300 BK pa ginagamit na ang bakal, ang petsang 200 BK ay pinili dahil na rin sa petsang karbon 14 na nakuha sa isang sampol mula sa yungib ng Manunggul. Ang pagtunaw ng bakal ang isa sa pinakamahalagang prosesong natutunan sa panahong ito kaya ang bulusang malayo ay karakteristiko sa panahong ito. Gawa sa dalawang pahabang kawayan, ang may hawak ay maaaring magbomba ng hangin sa baga upang palakasin ang apoy na tutunaw sa bakal. Ang pagkabihasa sa paggamit ng bakal ay nagdala ng kaunlaran sa pangingisda, pangangaso at sa agrikultura. Ang Terasang Palayan ng mga Ifugao ay isang halimbawa ng isa sa mga kaunlaran sa agrikultura ng mga panahong iyon. Nakagawa rin sila ng sistema ng irigasyon dahil na rin sa mas maunlad na kasangkapan. Nakahabi rin sila ng tela mula sa halamanan higit sa lahat mula sa abaka."*[6]


Liktao at Epiko
Ang Takip ng Tapayang Libingan
ng Libmanan, Camarines Sur
Zeus A. Salazar

## PLATE XVII
## Ang Tampok kaugnay ng Ulbo - 1



Bahaging Araw



Bahaging Bungo



Bahaging Usa, Uryol at Handiong



Sa pagitan ng Bahaging Uryol at Araw



Sa pagitan ng Bahaging Bungo at Uryol



Sa pagitan ng Bahaging Araw at Bungo

(Mga larawang kuha ni MCVPeñalosa)


- **Galing sa *Kontekstong Pangkalinangan at Pangkasaysayan*** [7]

  **"Ipinapalagay sa pag-aaral na ito, samakatuwid, na hindi "peke" ang Takip, tulad na rin ng Palayok ng Calatagan at ng bangang libingan ng Mindanaw, hindi man resulta ng paghuhukay na *in situ* ang tatlong artefakt. Gayundin, sisikaping mapatunayan sa ibaba na ang kontekstong pangkabihasnan, kung hindi man ang ispesipikong panahon ng kalinangang Bikolnon na kinabibilangan ng Takip, ay nasa pagitan ng panahon ng Bangang Libingan ng Manunggul (hk. 890 – 710 BK) at ng unang balangay ng Butuan (hk. 320 MK)."**

# Estadong Bayan at Ibayong Dagat

## h-k. 900 –1280 MK

**Hindi maitataguyod ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga estado sa ibayong dagat kung hindi nila napaunlad ang kanilang kaalaman sa paggawa ng mga sasakyang pandagat. Balanghay ang tawag sa isa sa mga sasakyang-dagat na ito… Dahil sa pag-unlad na ito ay naitatag ng mga estadong bayan ang isang sistema ng komersyo sa pagitan nila mismo at ng mga bayan sa ibayong dagat. Lumitaw ang mga sistema ng pamahalaan at organisasyon. Lumaganap din ang mga sistema ng pagsusulat. Sa ilog Lumbang, Laguna ay may natagpuang 20x30 cm na *copperplate na may nakasulat na kasunduan* sa tila pinaghalong Malayo, Tagalog at Javanese. Mahalaga ang *copperplate na ito hindi lamang* dahil sa patunay ng sa pagkakaroon ng sistema ng pagsusulta kundi mahalaga rin ito dahil sa mga lugar na tinutukoy rito bilang kasama sa komersyo ng nasabing panahon.**



# Laguna Copper Plate Inscription

**Dante Ambrosio Collection**

# Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna

Jaime Figueroa Tiongson

Sa pagpapahalaga nina
Grace Barretto-Tesoro, Ph.D. (Cantab)
Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D. (U.P.)
Lars Raymund C. Ubaldo, Ph.D. (U.P.)
Zeus A. Salazar, Ph.D. (Sorbonne)
at mga Karagdagang Ambag nina
Arriola, Barretto-Tesoro, Canilao, Chua, Lim,
Pineda, Reyes, Santiago, at Vitales

Pamatnugutan
Ma. Carmen V. Peñalosa, Ph.D cand. (U.P.)
Zeus A. Salazar, Ph.D. (Sorbonne)

- **Namamati! Taong Shaka 822, buwan ng Waisakha, naaayon sa mga bituin. Sa ikapat na araw ng paliit na buwan, Somawara (Lunes).**
- **Sana sa panahong yaon dayang Akitan ay nagpalawan. Dangan niya (Kasama niya) kaanak bangalan si Bukah, anak din hawan Namwaran. Ang bali (binigay) waradana (pagkakaloob ng kahilingan wishuddhapatra (malinis na utos/kautusan).**

- **(m)uli**
- **Sang pamagat (ang punong komandante ng hukbo) pinamumunuan ang Tondo Barha nang hawan nayaka(“tagapamatnubay,” “puno,” “panginoon,” “pangulo,” “heneral,” “komandante,” “tagapag-utos.) tuwan Pila Jayadewa kinuha bilang kanyang katipan hawan Namwaran dangan (ang kapalit ay ang) utos na isinulat sa binatbat na tanso nang manunulat, ang panglapas utang na wala niya, sangkati walong suwarna.**

- Ang harapan
- nang hawan nayaka tuwan Pulilan Kasumuran,
- nang hawan nayaka tuwan Pila Barha, ang gitnang bayan,
- nang hawan nayaka tuwan Binwangan Barha, ang tanyag na bayan,
- at sa dani niya kaanak kapalawis.
- uli

- **Sang pamagat Diwata Barha, ang sang pamagat Mdang,**
- **pinagtatapatan na dali, ang panghulo nang sang pamagat iyama**
- **kanya sa dani niya anak kuko nang hawan Namwaran.**
- **Ang utos na maging kapalawis ang utang din hawan Namwaran, ang sang pamagat Diwata.**
- **Ito igalang dahang sapantaha pasimula ngayon ang ari.**
- **Kamo diyan ara galang urang balo hala walang lapas utang din hwa ...**

# Pagpapahalaga at Pagpapatibay[8]


- Tulad ng pinuna ni Dr. Barretto-Tesoro sa kanyang pagsusuri sa papel ni Tiongson, nabigyan ng sapat na pagpapahalaga nito ang importansya ng ginto para sa mga Tagalog hindi lamang sa mga ugnayang panlipunan (pambayad ng utang sa kaso ng ugnayang Dayang Akitan at Jayadewa) at pangkalakalan, kundi gayundin sa paggawa ng alahas at iba pang kagamitan tulad ng pusal sa ngipin bilang palamuti at gayundin ng panakipmata sa mga inililibing na yumao, kung kaya‟t masalimuot at ispesipiko ang terminolohiya kaugnay ng ginto at ng pagkilatis sa halaga nito.

- Natukoy din ni Prop. Edmundo Vargas, dating propesor ng U.P. National Institute of Geology at ngayon ay nasa Philippine Nuclear Institute (Komunikasyong Personal, Hulyo 2009) ang rehiyon ng Paracale bilang probableng mapagkukunan ng ginto ng mga taga-Pulilan, kumpara sa mas malalayo ritong lugar na mapagkukunan, tulad ng Masbate sa timog at Kordilyera sa hilaga. May mga karagdagang datos hinggil sa Paracale si Prop. Canilao sa kanyang tala, na ang pinakamahalaga ay ang pagtitiyak na noong panahon ng IBTL ay probableng matagal nang nagmimina ng ginto ang mga Pilipino. Samakatuwid, hindi nakapagtataka ang importansya ng ginto para sa mga Tagalog ng Pailah/Pila.

- **Sa yugto din ng Sinaunang Kabihasnang Pilipino (h-k. 800 BK – h.k 1280 MK) ay magiging bihasa ang ating mga ninuno sa paggamit ng Bakal na kung saan nagkaroon ginhawa sa kabuhayan – pangingisda, pangangaso at pagtatanim (agrikultura) – Ang *Payo*[9] ng mga Ifugao ay pagpapakita ng kaunlaran sa pagtatanim kasama pa dito ang kaunlaran ng sistema ng patubig (irigasyon) [10]. Ayon pa kay Salazar na ang ating bansa ay posible na unang gumamit ng Bakal sa mundo ng Austronesyano[11].**

**Dayagram II**
**PAG-UUGNAY NG MGA DALUMAT NG KALULUWA AT GINHAWA**
**Sa Kabuuang Sosyo-Pulitikal sa Dating Kalinangan**


*A. Kaluluwa at Ginhawa*




*B. Ang Kabuuang Dati*



# BELIEF IN THE *KALULUWA*/SOUL



Fatima Lasay, 2007

- THE PARTS OF A PERSON IN FILIPINO PSYCHOLOGY
- External: Body
- Internal: *Ginhawa*/Well Being and *Kaluluwa*/Soul



# BAGONG KASAYSAYAN

Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas — Lathalain Blg. 4

*Z. A. Salazar*
*Propesor, U.P. Diliman*

## Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas



BAKAS 1999

- **Ang pangatlong ispesyalista ay ang babaylan mismo. Ang babaylan ay napakainteresante, sapagkat siya pinakasentral na personahe sa dating Lipunang Pilipino sa larangan ng Kalinangan, relihiyon at medisina at lahat ng uri ng teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa mga penomeno ng kalikasan. Sa madaling salita, proto – scientist ang babaylan, sa kabila ng kanyang pagkadalubhasa hinggil sa tao at sa diyos.**[12]

## Ang Balyang Mandaya at ang Pabiting-dibdib




1



2



3



4

Mga balyang Mandaya (1-3) sa simula ng pagsasagawa ng ritwal. Mapupuna ang pabiting-dibdib ng bawat isa na ang anyo ay malinaw na naglalarawan ng araw, ang diwatang sentral sa kanilang gawaing panrelihiyon (Ursula C. Valderrama, *The Colorful Mandaya: Ethnic Tribe of Davao Oriental*. Davao City: Tesoro's Printing Press, 1987, pah. 3). Ang Pabiting-dibdib (4) ay larawang kuha sa Museong Pambansa ng Pilipinas. Tingnan din ang nasa frontispis o paunang pahina.

Plate II

# BAGONG KASAYSAYAN

Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas — Lathalain Blg. 3

*Nancy Kimuell-Gabriel*
*Departamento ng Kasaysayan*
*DAPP, U.P. Diliman*

## Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino




*Boxer Codex*


BAKAS 1999

- Sa sinaunang pamayanang Pilipino, ang TIMAWA ay nangangahulugan ng MALAYA. Nagpapatungkol ito sa panggitnang katayuan ng mga tao sa pagitan ng mga maginoo at mga alipin. Sa pangkat na ito nagmumula ang mga espesyalista sa lipunan: mandirigma, mangangalakal, panday, katalonan/babaylan, manghahabi, mamamalayok, guro/paratabgaw. Maginhawa ang kanilang pamumuhay at kagalang-galang ang katayuan sa lipunan dahil hindi sila tulad ng mga aliping naipagbibili. Ang KATIMAWAAN ang taal na dalumat ng sangkapilipinuhan sa KALAYAAN. Kaugnay ito ng konsepto ng katubusan, kaginhawahan, kaligtasan, kasaganaan at katiwasayan. [13]

# BAYAN
# Ang Ikalawang Yugto ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan (1588 – 1913)


Ika-12ng Pambansang BAKAS Seminar-Workshop
BAKAS, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan at PUP Departamento ng Kasaysayan
PAGKABUO NG BAYAN
(1588-1913)
Ikalawang Yugto ng
KAYSAYSAYAN NG KAPILIPINUHAN
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), San Juan
Abril 23-26, 2014

# Dayagram IV
# Larangan ng mga Puwersang Historiko-Kultural, 1588-1896





*Rebisyon ni Salazar (1997) ng kanyang dayagram sa Marcos, TADHANA Outline (1975)*

# Krisis ng Pamayanang Pilipino (1588-1663)


| 1588 – 1602 |
|---|
| Tadhana ng Estado ni Raha Sulayman |

- **Hindi nagtagal at tuluyan nang nahawakan ng mga Kastila ang Maynila. Ipinasok ng mga Kastila ang Kristiyanismo upang mapadali ang paglaganap ng kanilang kultura at ang pagsakop sa bansa. Nagtayo sila ng mga gusali, gumawa ng mga armas at sasakyang dagat. Binago rin nila ang mga ruta ng kalakalan upang isentralisa sa Maynila… Sa pagdating at pananakop ng mga Kastila, makikita na ang batayang sistemang panlipunan ay nagbago mula sa konseptong bayan patungo sa konseptong pueblo, villa, ciudad. Ang iba't ibang sistemang panlipunan na pumalit ay ang sumusunod: (a) pueblo – isang organisadong bayan; (b) villa -- mas malaki kaysa pueblo ngunit mas kompleks ang sistema ng pamamahala; (c) ciudad -- mas malaki sa villa at pinakakompleks ang administrasyon. [14]**


BAYAN
Pueblo
Villa
Ciudad

TSINA → MAYNILA → ACAPULCO

- TSINA: Porselana, sutla, bakal, araro, kabayo at iba pa
- MAYNILA: bibilhin dito gamit ng pilak; mula rito, sutla, porselana, produktong Pilipino (ginto, lubid, tela, at iba pa)
- ACAPULCO: mula rito balik Maynila; pilak (*real situado*), produktong Latin-Amerikano



ANG MONUMENTO AT ANG TORRE
SA KASAYSAYAN
PAGTATAKDA SA
Luneta:
HIRAYA
NG
"KNIGHTS"
PASIYA
NG
BAYAN
ERMITA
TALASTASANG BAKAS SA facebook
ARVIN LLOYD B. PINGUL
PATNUGOT
JOSE MARIO D. DE VEGA
REYMAR TECSON YSON
MGA KAPATNUGOT
BAKAS 2015

# Ang Bagong Bayan at mga *Pueblos* dito (bago 1601 – 1762)[15]

**Madalas mabasa na may banggit daw tungkol sa Bagong Bayan noong 1601, ngunit wala akong nahanap na batis na magpapatunay nito. Gayumpaman noong 1591 nababanggit sa isang tala tungkol sa mga *haciendas* ang "Bagumbaya" (*sic*) sa labas ng Intramuros. May "dalawandaang kaluluwa" (*i.e.*, sakop na binyagan) ito. Ilan sa mga mamamayan ay nagsisimba sa Intramuros, samantalang ang iba ay sa tirahang ermitanyo (*Hermita*) ng *Nuestra Señora de Guia* kung saan nagmimisa para sa kanila ang mga prayleng Agustino.**


basilika ng Quiapo at San Sebastian, bunga ng kasaysayan ng Bagumbayan kung saan lumitaw ang kasalukuyang "Luneta" bilang likha ng pananakop ng Amerikano.

Mula nang namalagi ang mga Recoletos sa Bagumbayan, nabuhay sila nang "masayang-masaya" (*gozísimos*) sa kanilang kumbento't simbahan, dulot ng pagtalima sa kanilang gawaing ispirituwal (*ministerio*) at ng paglilingkod sa mga nakatira sa paligid na "*eran muchos*" (marami). Napahinto ang kaligayahan nang nasadlak ang orden sa krisis na gawa ni Gobernador Heneral Sebastián Hurtado de Corcuera (?–1660), laban sa kanila,[23] kaugnay ng posibleng mga pananalakay mulang timog sa panig ng mga Olandes o Moro, sa kabila ng di pa nagtatagal na tagumpay ni Corcuera laban kay Sultan Kudarat sa Magindanaw. Ngunit bago natin talakayin ang krisis na magbabago sa anyo ng erya na naging Luneta ng mga Amerikano, tunghayan muna natin ang isang mapa ng Intramuros at paligid na ipininta noong dekada 1640. Makikita rito kung papaano noon ang magiging "Luneta" ng kasalukuyan. Tunghayan ang naturang mapa sa ibaba:



## 1602 – 1635

# Opensiba ng Estado ng Maynila



# KATUTUBO, MUSLIM, KRISTYANO: PALAWAN, 1621-1901

NILO S. OCAMPO


- Pagpasok ng ika-17 dantaon, sinimulan ng mga misyoneranong Espanyol ang pagtatanim ng Katolisismo sa mga isla. Nakakuha ng awtorisasyon sa Obispo ng Cebu, Prayle Pedro Arce at sa Gobernador Heneral ng Pilipinas, Alonzo Fajardo de Tenza, ang mga Augustinianong Recoleto ay nagalak sa pagtanggap ng "karangalang pasulungin ang progresong espiritwal" sa bahaging ito ng kapuluan. Simula ng 1622, isang pangkat ng mga misyonerong Recoleto ang ipinadala sa lugar. Binuo nina Prayle Francisco de San Nicolas, Diego de Santa Ana at Hermano Lego Francisco de la Madre de Dios, sa pangunguna ni Prayle Juan de Santo Tomas, "walang kinatatakutan at nasasandatahan ng banal na lakas, itatanim ang krus sa isla ng Cuyo". [16]

# Kabanata X
## Bayan at *Nación* (1861 - 1913)

| 1861 – 1872 | 1872 – 1892 | 1892 – 1896 | 1896 – 1901 | 1901 – 1913 |
|---|---|---|---|---|
| Gomburza, Datu Udto, Sultan Muhammad Diamarol | Indios, Moros y Infieles: Sukabang Ina | Filipinos at mga Anak ng Bayan | Ipinaglabang Nación at Inang Bayan | Sangandaan: Pakikibaka at Pakikibagay |

# INDIOS, MOROS Y INFIELES: SUKABANG INA (1872 - 1892)

Tumuloy pa ang labanan ng sekular at regular na pari. Sinamantala ng mga Kastila ang pag-aalsa ng mga manggagawa at kawal sa Cavite upang pabagsakin ang sekularisasyon at patigilin ang angal ng mga ilustrado. Dinakip lahat ng pinaghinalaang may kinalaman sa kaguluhan. Mayroong siyam na paring dinakip kasama ng mga abogadong at komersyante at itinapon sila sa Marianas Islands. Samantala, may tatlong paring binitay sa gamit ng garrote. Sila sina Padre Gomez, Padre Burgos at Padre Zamora. Binitay sila sa harap ng mga Pilipino noong Pebrero 17, 1872 at sumiklab ang galit ng mga Pilipino. Sa panahong ito ang bayan ay binuo ng mga Indios, Moros at Infieles. Indios ang tawag nila sa mga katutubo. Isa itong panlalait at pagpapakita ng pagpapamuhi sa Pilipino. Tinawag naman nilang Moros ang Muslim at ang mga taong hindi sumusunod sa sistemang Kastila upang makolonisa ang kapuluan. Filipinos at mga Anak ng Bayan.




# THE ETHNIC DIMENSION
## Papers on Philippine Culture, History and Psychology

Edited by
Z. A. Salazar


Cologne 1983
Special Issue No.I of ANG TAMBULI,
published by the Counselling Center for Filipinos,
Caritas Association for the City of Cologne

| Author | Pre- Colonial | Colonial | Post- Colonial |
|---|---|---|---|
| del Pilar | Filipinas had inferior civilization. Blood compact made in order for "mother" Spain to civilize and christianize "daughter" Filipinas. | Encomenderos first charged with civilizing mission. Then friars, who establish frailocracía and hamper progress, which is inevitable (Suez Canal). | Friars must go. Revolution has advantage of being surgical. But liberal reform better. Integration of autonomous Filipinas with Spain. |
| Lopez-Jaena | Ambivalent view. One moment, Filipinas thought to be in "primitive state". Then as having "a civilization, a degree of enlightenment". | Filipino capacity for progress impeded by "monastic supremacy". Progress due to Filipinos alone and to external forces. | Elimination of friar rule. At first assimilationist, Jaena later favored Revolution, freedom won "with the blood of Filipinas." |
| Rizal | Filipinas had a civilization of her own and was progressing, armed with her own capacities and virtues. | Decay and retrogression under Spanish rule. Civic virtues lost. Vices taken over. Social cancer in late 19th century. | Release of creative forces of the race with attainment of freedom. Probably through Revolution. Tactically, through Reforms. |


PANAHON NG TRANSISYON AT KRISIS NG LIPUNAN AT KALINANGAN NG KAPILIPINUHAN
(1890 - 1913)
KASAYSAYAN NG KAPILIPINUHAN
IKA-13NG PAMBANSANG BAKAS SEMINAR-WORKSHOP
UKOL SA HISTORIOGRAPIYA AT AGHAM PANLIPUNAN,
LUNSOD NG ROXAS, LALAWIGAN NG CAPIZ

1892 — 1896

# Filipinos at mga Anak ng Bayan




**Dayagram 9.1**
**Pagkaugat ng Himagsikan**
**sa Kasaysayan at Kalinangang Bayan**

**Dr. Zeus A. Salazar**

# BAGONG KASAYSAYAN

*Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas* — *Lathalain Blg. 3*


*Z. A. Salazar*
*Propesor, U.P. Diliman*

## Wika ng Himagsikan
## Lengguwahe ng Rebolusyon




BAKAS 1999

Dr. Zeus A. Salazar




Rebisyon ng *Salazar, 1996* (cf. Tala 10)

**Larawan 9.1**
**Proyektong *"Filipino"* vs. Adhikaing *"Tagalog"***
**Tungo sa Pagkabansa**

18 Nangag papangap na
manga balaguing mainguing
(ilustrados) may pinag ara_
lan at conoai, manga ma_
jal, datapoa,i, labis ang ma_
nga Cabastosan at dito y
maguiguita

Sa alin mang pulong nang manga Castila ay ang tagalog na mapaguilajoc ay ibinibilang na alangan sa canilang pag catauo at cung magcaminsan ay jindi pa alequining lucbocan, (baga man maninguing na capoa nila) lalo pa cung pumapangjic sa canilang manga tirajang bajay datapoa cung sila ang naguiguitulog ay malang pagcasiyajan ang nang mga tagalog at silai, sinasalubong nang boong uol at pag irog, tuloy ipinag papalagay jalos na silay manga Dioses, bucod pa sa gauong manga asal ay balang tagalog na causapin jindi iguinagalang cauntí man cayanegat ang mapupusutí na ang bujoc sa catandaan, ano man ang catungcolang jauac

ay cung tauaguin ay icaw, tuloy
tutungayayaoin ng negro ó Chongo.
¿Ganito caya ang ~~naguiguipatid~~
naguiguicapatid? Hindi cung
di ganoon ang naguiguipag
cagalit at jumajanon nang
away ó guerra.

19 Pinupuri na maganda ang gauâ
ang pag salantâ na ualang auâ ng
manga Pinunong guardia Civil na-
guing sa lóob at labas nang Cutâ
nitong pinacaúlong Maynila sa ma-
nga tauong canilang ma daquip/
may sala ó ualá man, ang cara-
nijan ay mga lalaguing na-
mamayan nang matajimic, pag
canilang quinapupuotan sa min-
sang sila, jindi sundin sa cani-
lang naguing pita masama ó ma-
galing man

20. Cung magcaminsan ay na-
cacamatay ang manga pag-
salantang yaon na ualá sa
catouiran, datapoua, inilulan
pa cung ang sinasalantâ ay

***18. Nangag papangap na manga lalaquing maningning*** **<u>(ilustrados)</u>** ***may pinag aralan at conoa,i, manga majal, datapoa,i, labis ang <u>manga cabastosan</u> at dito y maquiquita. Sa alin mang pulong nang manga Castila ay ang tagalog na mapaquilajoc ay ibinibilang na alangan sa canilang pag catauo at cung magcaminsan ay jindi pa aloquin nang luclocan, (baga man maningning na capoa nila) lalo pa cung pumapanjic sa canilang manga tirajang bajay; datapoa cung sila ang naquiquituloy ay ualang pagcasiyajan ang nang mga tagalog at sila,i, sinasalubong nang boong ucol at pag irog, <u>tuloy ipinag papalagay jalos na silay manga Dioses,</u> bucod pa sa ganoong manga asal ay balang tagalog na causapin jindi iguinagalang caunti man caya ngat ang mapuputi na ang bujoc sa catandaan, ano man ang catungcolang, jauac ay cung tauagin ay icao, <u>tuloy tutungayaoin ng negro o chongo</u>. ¿Ganito caya ang naquiquicapatid? Jindi cung di ganoon ang naquiquipag cagalit at jumajamon nang auay o guerra.***

Sinusumpâ din naman
cami na aming gaganapin
at ipagaganap ang mga ca_
utusang ~~na~~ sa Juli ay ini_
lagdâ at pinag caisajan
nang mañga guinoo na napa
Tajarap sa cataastaasang catipu_
nang ito, na aming iguinaga_
lang at ipinagdidinang sa

ica ng

Enero isang libo ualong daan

at siyam na puo at dalawa.

# BAGONG KASAYSAYAN

*Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas* — *Lathalain Blg. 2*

*Z. A. Salazar*
*Propesor, U.P. Diliman*

## Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino



BAKAS 1997

# DALUMAT NG KABAYANIHAN

- Ayon kay Zeus Salazar, may pagkakaiba rin sa dalumat ng *heroé* ng elit at *bayani* ng bayan. (cf. *Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino*). Batay sa iba't ibang wika sa Pilipinas, may dalawang batayang kahulugan ng *bayani* sa mga Pilipino: 1) "isang di pangkaraniwang tao na nakatuon ang diwa't gawa sa sariling bayan o kabuuang kinabibilangan (sa reyalidad man o sa kathang-isip)" at 2) "isang nagkukusang makipagtulungan nang walang anumang bayad sa mga gawaing pangkomunidad."

# DALUMAT NG KABAYANIHAN

- Pinag-iba niya ito sa dayuhang konsepto ng mga ilustrado:
- “Ang pinakabuod ng lahat ng pagkakaibang ito ay makakatas sa indibidwalismo at preokupasyon ng *héroe* sa sariling “persona,” kung ihahambing sa bayani na nakapaloob sa kanyang sariling grupo at nakatuon lamang at tangi sa pagpapaibayo ng interes ng grupo. …Ang kilos naman ng bayani ay batay sa ugaling bayan, kung saan mas pinahahalagahan ang pagpapakita ng kababaang-loob at ang pagiging katulad lamang ng ibang kasama. “

## Mga Tagapagtaguyod kay Inang Bayan at ng *Nación*



Andres Bonifacio



Gregoria de Jesus

Mga Bayani

*Héroes*



Padre Burgos



Jose Rizal


**Plate VI**

# BAGONG KASAYSAYAN

Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas — Lathalain Blg. 6

## Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan

*Zeus A. Salazar*
*Propesor. U.P. Diliman*



BAKAS 1999

Kung kaya't, “upang maging tunay at *matuid*,” ang kapangyarihan ay dapat manggaling “sa Bayan lamang at sa kaniyang mga tunay na Pinakakatawan.” Dahil dito'y


> ...ang mga hukom, kung ibig manatili sa pagkakahukom ay pilit na gaganap ng *wastong katuiran* at isa aba [i.e., isaaba] nila! Kung ang nalalaban dito ang siyang aakalain.

Kung gayon, ang *katuiran* ang dapat tuntunin ng buong estadong lilikhain ng Katipunan, mula sa mga pinuno hanggang sa mga kawal, upang madulutan ng *kaginhawahan* ng Bayan, *kaginhawahan* na “tunay na sanhi ng alin mang kapangyarihan sa ibabaw ng lupa.”[17]

**Makikita samakatuwid na, bagamat para sa Katipunan ang Bayan nga ang pinanggalingan ng kapangyarihan, walang kinalaman talaga ang ideyang ito ni sa Kanluran ni sa Propaganda, sapagkat nasasalalay nga ito sa *matuid*, na ang tanging nakakakilala at umiibig ay ang Bayan, bilang pagkasama - sama ng mga mamamayan/taumbayan [na mapapakahulugan din bilang "taong *tumatao* sa Bayan" tulad ng "taumbayan" na siyang tao at responsable sa bahay] na ang *pagkatawo'y* iisa at bawat isa't may taglay na "*matuid*" at "*katuiran*" bunga ng kanyang kalayaan.[18]**

Larawan 1

## ANG PAGKAKAUGNAY-UGNAY NG MGA DALUMAT MULA SA KARTILYA NI JACINTO




Rebisyon ng *Salazar, 1997*

Talaarawan 1996

handog sa Sentenaryo

# Himagsikang 1896

nina

Z. A. Salazar, E. Yulo at A. Navarro

1995


Miranda Bookstore

# Taon ng Rebolusyon [19]


Samatuwid, hanggang sa matiyak ng KKK ang paglunsad ng Rebolusyon, pag-aalinlangan ang iniharap ng Ilustrado sa mga pagpupunyagi ng Bayan. Mula rito hanggang sumiklab ang Himagsikan sa pagsalakay ni Bonifacio sa Maynila, nasa kamay ng Katipunan ang tadhana ng Bayan, tadhanang bukal sa loob at buod dito.

*Araw ang KKK na nagsabog ng liwanag sa Kapilipinuhan*

Nabuo ang estadong Pilipino noong ika – 24 ng Agosto, nang itatag ni Bonifacio ang pamahalaan at hukbo ng Haring Bayan upang isagawa ang noo'y napagpasiyahang paglusob sa Maynila. Ang estadong ito ang nagsagawa ng Himagsikan, sa kabila ng pagtutol ng Magdalo na magiging tangkang kudeta sa pulong ng Imus, isang araw matapos ang martiryo ni Rizal.




Sandatahang Pilipino



Kanyon



Sundalong " Indio"



Mga Sundalong Kastila




Intramuros

AGOSTO 29-30, 1896:

# ANG PAGSALAKAY

## NI BONIFACIO

### SA MAYNILA



**Z. A. SALAZAR**

salin ni
**Monico M. Atienza**

Mga Karagdagang Tala at
Larawang Sanaysay nina

**Dante L. Ambrosio at**
**Enrico R. Azicate**


Miranda Bookstore
1995

# Ang pagsalakay sa Maynila

1. Mula sa Silangan (San Mateo, Marikina, pababa ng *camino real* na nagdaraan sa San Juan at papasok ng Sampalok).
2. Mula sa Hilaga (Bulakan, Pampanga at Nueva Ecija papasok ng Kalookan at Balintawak tungong Tondo at Binondo).
3. Mula sa Timog (Kabite at ilang bahagi ng Pasig).

# MAPA III

*Ang mga Linyang Pandepensa ng mga Kastila...*




**Kataliwas ng karaniwang palagay sa hanay ng mga tradisyunal na historyador, tunay na naganap ang pagsalakay ni Bonifacio sa Maynila noong gabi ng ika-29 at 30 ng Agosto, sa ganito nga'y pinasiklab ang Rebolusyon ng 1896. Mula sa mga nasamsam na dokumento ng Katipunan, nalaman ng mga Espanyol ang mga plano ng pagsalakay ni Bonifacio at kagyat ngang nagtayo ng tatlong patatsulok na linya ng depensa sa paligid ng Maynila.** [20]

# BAGONG KASAYSAYAN

Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas Lathalain Blg. 1

## Ang 'Real' ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas

*Z. A. Salazar*
*Propesor, U.P. Diliman*



BAKAS 1997

# IJANG O IDIAN NG BATANES



Ang *ijang* [*idzjang*] o *idyang* ("*idian*") sa Savidug, Batanes. Sa itaas, potograpiya; sa ibaba, guhit-perspektiba mula sa hangganang hilagang-silangan. Mula sa Dizon at Santiago, "Preliminary Report."






PLATE I



Ibang – iba ang "trintsera" sa "real" ni Bonifacio. Ang "real" ay isang aktibo, pro-aktibong teknika ng pakikipaglaban. Maghahanda sa isang pueblo ang Kastila; ngunit aatakehin sila sa iba. Hindi alam ng Kastila kung saan magmumula ang atake. Nariyan ang pagkakaiba: ang inisyatiba ay nasa kamay ng KKK. Tuloy, nang umatake na talaga sina Polavieja at Rivera sa Kabite, bumagsak ang mga trintsera na parang bahay-kubo sa unos. Sa loob lamang ng dalawang buwan, wasak na ang buong "muog" ni Aguinaldo sa Kabite.[21]




*Himagsikang*

# Himagsikang Pilipino

## Digma ng mga Anak ng Bayan

Talaarawan 1997

Z. A. Salazar, E. Yulo, A. Navarro

Palimbagang Kalawakan

1996

## Mayo 9 Biyernes

Manipesto ni Aguinaldo na nag-aanyaya sa mga kawal na Pilipino na nasa hukbong-lakas Kastila na sumanib sa mga puwersa ng mga Manghihimagsik. (3:392)

## Mayo 10 Sabado

Pinaslang ng pangkat na pinamumunuan ni Makapagal sina Andres at Procopio Bonifacio sa bandang bundok Tala, malapit sa Maragondon. (83:259) Nilulusob ng Kastila itong huli. (82:29-30) Ilang sumulsol na bitayin si Bonifacio ay sina Feliciano Jocson at Antonio Montenegro. (73:52)

## Mayo 11 Linggo

Alejandrino kay Blumentritt: magaling na kawal at mabuting pinuno si Aguinaldo dahil napag-isa niya di-umano ang Himagsikan. (7:55) Pagbagsak ng Maragondon. Ito ang huling laban ni Aguinaldo sa Kabite. (98:423; 55:77)



Bagobong "asesino" daw. Sa katunayan, isa sigurong m/bagani na gumanap lamang ng kanyang tungkuling magsakripisyo kay Mandarangan.

# ANG MGA ANAK NG BAYAN SA BUNDOK BANAHAW[22]

Nang ipakipagpulong ni Kang Basti sa banal na tinig o "Santong Boses," ito ay sumagot ng: "Kulang sa pananampalataya, at nang naroroon na ay di na ako nabanggit ng mga namatay at nasugatan." Ipinikit ni Kang Basti ang kanyang dalawang mata, itinaas ang dalawang kamay, at nagsalita: "Pananampalataya, pananampalataya, mga Kapatid." Sukat ang mga bagay na ito, lahat ay nasiyahan sa pagpapatuloy ng pananalig, di man halos dinamdam ang namatay at napinsalang kapatid, asawa, anak o magulang.

# Katutubong Katolisismo
# (Folk Catholicism)







**Mga koleksyong anting-anting ni Zeus A. Salzar, 21 Disyembre 2007**

# Katutubong Katolisismo
# (Folk Catholicism)





**Mga koleksyong anting-anting ni Michael Charleston Chua**


# BANSA
# Ang Ikatlong Yugto ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan (1913 - Kasalukuyan)

Sa pagsasagawa nito, layuning pagtugmain ang dalawang magkahiwalay at magkatunggaling kamalayang nailuwal ng mga nagdaang panahon upang maging batayan ng lilikhaing kabuuan. Tinalunton ng panahong ito ang hangaring mapagtagpo ang naitatag na nasyon ng mga elit sa dalumat ng pagsasarili sa loob ng isang kabuuang may sariling wika at kalinangan. Ito ang naging batayang tema sa buong piryodo kung saan umiinog ang mga kaganapan sa problema ng kalayaan at kasarinlan bilang pangkalinangang kakanyahan na taglay ng bayan sa mula't mula pa man. Mananatiling isang katanungan ang pagiging isang bansa habang ang dambuhalang pagkakahating pangkalinangan ay hindi pa napagtatagpo at napag-iisa

## 1954 – 1963

# Barong Filipino: Krisis sa Identidad

**Ang tunay na krisis ng Pilipino ay ukol sa kanyang identidad. Kitang kita ito sa kanyang mga pagpupumilit na makilala sa Internasyonal na larawan. Ang pagtatatatag ng SEATO noong 1954 at ng MAPHILINDO noong 1963 ay mga patunay sa krisis na ito. Sa kabila nito, nagkaroon ng isang ilaw ang pagpapakaPilipino, sa panahon ni Magsaysay bilang pangulo, nabigyang pansin ang mga suliranin ng mga ordinaryong mamamayan. Pinaunlad ang kalagayan ng mga mahihirap sa pagpapagawa ng mga proyektong nakatuon sa bayan.**


KRISTONG PILIPINO
Pananampalataya kay Jose Rizal
Nilo S. Ocampo



LARAWAN 1. Monumento sa Larena, Siquijor

# Viva Ikaw ang Ama:[23]

**May mural na tumutukoy kay Rizal at 12 mga bayani, "si Rizal at ang 12 Ilaw ng Pilipinas," na katapat ng kay Kristo at ang 12 apostoles. Naroon din ang eksena ng pagkabaril sa Luneta bilang pagpapahayag ng sakripisyo, kabilang sa bisyon ng pagsusulpot ng ganitong kawayan sa Banahaw sa katapusan ng daigdig.**

1986 — 1992

# Restorasyon at Kudeta: Ang Kapangyarihan ng Elit

**Nagkaroon din ng mga kalamidad na gumalantang sa bansa. Ang mga ito ay ang lindol na naganap noong Hulyo 16, 1990 at ang pagsabog ng Bulkang Pinatubo. Isa sa mga suliranin ng Pilipinas ay ang napakalaki nitong utang sa dayuhan na nagmula pa sa pamumuno ni Marcos. Nagresulta ito hindi lamang sa taas ng bilihin kundi na rin sa pananatili natin sa ilalim ng kapangyarihan ng mga dayuhan.**

ULAT NG UNANG PAMBANSANG KUMPERENSYA
SA HISTORIOGRAPIYANG PILIPINO

U.P. FACULTY CENTER
MARSO 27-APRIL 1, 1989



PAKSA, PARAAN AT PANANAW SA

# Kasaysayan

*Departamento ng Kasaysayan, UP*
*UP–Lipunang Pangkasaysayan (LIKAS)*
*Bahay Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS)*

MA. BERNADETTE L. ABRERA at DEDINA A. LAPAR
mga patnugot

direksiyon at maging basehan sa halip na gumamit ng banyagang wika na siyang nagiging dahilan upang ang isang estudyante ay matakot mapagtawanan.

Sa hangaring mapaganda ang *atmosphere* sa loob ng silid-araln tungo na rin sa malayang talakayan sa kaalamang pangkasaysayan, ang mga sumusunod ay pakumbaba naming iminumungkahi:

1. Limitahan ang bilang ng mga estudyante sa klase upang mapagtuunan ng pansin ng guro ang bawat isa.

2. Ang mga "nakatakdang" propesor ay nararapat na tumaban din ng mga *G.E. subjects* upang malaman nila ang realidad ng "ngayon" at hindi ng "noon".


3. Huwag sanang patatali sa mga libro, lalo na ang mga aklat o teksto na kung saan nalilimitahan ang kaalaman na siya namang dulot ng hindi maingat na pagsusuri sa mga ito. Bagkus, ay palayain pa ang sistema ng edukasyon mula sa silid-aralan at tumungo sa labas mismo. Ang mga *field trip* ay makakatulong dito.

4. Maintindihan sana ng mga guro na iba ang mundo ng kabataan ngayon na produkto ng *mass media*, batas militar at iba pang pangyayari sa lipunan, kung saan nangangailangan ng mga bagong pamamaraan na angkop at balido sa kanilang kalagayan ngayon.

5. Hindi naman siguro mamasamain ng mga nagtuturo ng kasaysayan na makatulong din ang mga mag-aaral sa ilang kurso sa pagtuturo. Huwag sanang magtago sa dahilang "istilo" na niya ang ganito o ganyang klase ng pagtuturo, sapagkat sa huli, ang pinakamahalaga pa rin ay matuto ang mga estudyante ng disiplinang pangkasaysayan na siyang magiging haligi ng ating lipunan.


## 2001 – Kasalukuyan

# Panibagong Krisis ng Buong Sistemang Sosyo-Pulitikal


ANG MONUMENTO AT ANG TORRE
SA KASAYSAYAN
PAGTATAKDA SA
Luneta:
HIRAYA
NG
"KNIGHTS"
PASIYA
NG
BAYAN
TALASTASANG BAKAS SA facebook
ARVIN LLOYD B. PINGUL
JOSE MARIO D. DE VEGA
REYMAR TECSON YSON
BAKAS 2015

*Karl Marx*
*Friedrich Engels*

# Manifesto ng PARTIDO KOMUNISTA



Isinalin mula sa Orihinal na Aleman at
Nilapatan ng mga Anotasyon ni


*Z. A. Salazar*
*Panauhing Propesor, Departamento ng Sikolohiya at Departamento ng Literatura at Wikang Filipino, DLSU (Taft)*
*Propesor ng Kasaysayan (Ret.), U.P. (Diliman)*

BAKAS 10 BAGONG KASAYSAYAN

BAKAS BAGONG KASAYSAYAN
Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas — Lathalain Blg. 11

# ANG BAGONG KASAYSAYAN SA WIKANG FILIPINO: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan

*Atoy M. Navarro*
*Departamento ng Kasaysayan*
*U. P. Diliman*



BAKAS 2000

# SALIKSIK
## Saysay ng Salaysay


Multidisiplinaryong E-Journal
Tomo 4, Bilang 1 | Agosto 2015



ISSN 2244-0232

**LARAWAN 8**


*Paglaganap ng Niyog sa Dagat Pasipiko*




Sa buong mundo, dalawa lamang ang orihinal na pinanggalingan ng niyog: (a) India at (b) Pilipinas at karatig-isla (Gunn *et al.* 2011, 1). Ang paglaganap ng niyog sa mga kapuluan sa Dagat Pasipiko ay ipinapalagay na ginawa ng mga Austronesyano (ang dalawang bughaw na linya sa itaas: patungong Madagascar at patungong Dagat Pasipiko). Ang mga niyog ay galing nga sa Pilipinas: "*A native of the Old World tropics, the [Pacific coconut] species was spread to eastern Polynesia and subsequently introduced to the Pacific coasts of Latin America, **most likely by pre-Columbian Austronesian seafarers from the Philippines***" (Gunn *et al.* 2011, 1) (akin ang diin). Dagdag pa ng nasabing saliksik: "*This pattern is consistent with human introductions of Pacific coconuts along the ancient Austronesian trade route connecting Madagascar to Southeast Asia*" (Gunn *et al.* 2011, 1) [Mapang mula sa Gunn *et al.* (2011, 6)].

# Konklusyon

## PagsasaPilipino at PagpapakaPilipino




Dr. Zeus A. Salazar

**Dayagram 8.1**
**Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan**